# *Ang Pananalapi at ang Halaga ng Kayamanan sa Buhay at Ministeryo*

***"17 At baka iyong sabihin sa iyong puso, Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito. 18 Kundi iyong aalalahanin ang Panginoon mong Dios, sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya nga sa araw na ito." (Deutronomio 8:17-18 KJV)***

Ang pananalapi ay isa sa pinaka mahalagang bagay sa buhay ng indibidwal, pamilya, at ng simbahan at ministerio. May pangkalahatang opinyon na kaya gumawa ng Dios kahit na walang pananalapi, at totoo iyon sa mga kaso kung saan ang mga taong kasangkot ay alam kung paano hawakan at harapin ang pananalapi. Ngunit ang pananaw na ang Dios ay maaaring kumilos nang walang pananalapi ay hindi magkakatotoo kung ang mga indibidwal, pamilya, o mga simbahan na kasangkot ay walang alam kung paano ipagkatiwala ang kanilang buhay sa Dios at hawakan ang kanilang pananalapi sa tamang paraan. Ang mga nakakaalam ng Kasulatan at sumusunod sa mga palatuntunan ng Dios na nauukol sa pananalapi ay malalaman at mararanasan na ang Dios ay makikipagtulungan sa kanila kahit na magsimula sila mula sa isang napakababang kapital o kahit na walang anuamang kapital dahil alam nila kung paano ipamuhay ang Salita ng Dios at alam nila kung paano umakyat sa mga pangkat ng hagdan ng pag unlad sa kanilang buhay.

Binigyan tayo ng Panginoon ng kapangyarihan at kakayahang taglayin at panatilihin ang mga pagpapala at kayamanan na mayroon at ibibigay Niya sa atin. Walang pagmamatuwid sa sarili o pagmamalaki tungkol diyan; lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Panginoon, ito man ay pananalapi, mga pinagkukunan, lakas, iba't ibang uri ng kakayahan, at karunungan ay mula sa Salita ng Dios, kabilang na ang ating pagsisisi at pagsunod sa lahat ng Kanyang mga tagubilin. ***"25 At siya'y magiging katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong utos na ito sa harap ng Panginoon nating Dios, gaya ng iniutos niya sa atin." (Deutronomio 6:25 KJV)*** Ang punto na kailangan kong bigyang diin dito ay hindi natin dapat isipin na pinayaman natin ang ating sarili, kundi ang Panginoon sa Kanyang biyaya at awa ay nagbigay sa atin ng kayamanan at lahat ng mayroon tayo ay mula sa Kanya.

May layunin ang ating buhay; Itinalaga tayo ng Dios na mabuhay sa lupa sa loob ng isang tiyak na panahon upang mapaglingkuran natin ang layuning iyon at ang plano ng Dios. May layunin kung bakit binigyan tayo ng Dios ng kapangyarihan at kakayahang magkaroon ng kayamanan at iyon ay, upang maglingkod sa Kanya.
Sa mensaheng ito hindi ko sinasabi ang tungkol sa Evangelio ng kasaganaan, ni hindi ko sinasabi na dapat nating ilagay ang ating tiwala sa pananalapi o kayamanan, ***"17 Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiisip, at huwag umasa sa mga kayamanang di mananatili, kundi sa Dios na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak;" (1 Timoteo 6:17 KJV)***

Ngunit ang punto dito ay gusto ng Dios na maging pagpapala tayo sa iba. Ang kalooban ng Dios para sa atin ay maging mabuting katiwala ng ibinibigay Niya sa atin upang maging mas epektibo tayo sa pagbabahagi ng mga pagpapala at Evangelio sa ibang tao. Ang mga espirituwal na pagpapala, pati na rin ang mga materyal na pagpapala, ay kinakailangan upang itaguyod ang gawain ng Dios at gawing magagamit ang Kanyang mga pagpapala sa iba. Nais ng Dios na maging mas epektibo tayo sa paggamit ng lahat ng ibinibigay Niya sa atin. Ang Dios sa Kanyang Salita ay may mga alituntunin na dapat nating malaman, sundin, at ipamuhay upang makaipon ng kayamanan na gagamitin para sa Kanyang kaluwalhatian:

Ako ay nasa 60 taong gulang, at dumaan na ako sa iba't ibang yugto ng aking buhay na may iba't ibang antas ng kita at mapatototohanan ko na ang pagsunod sa Salita ng Dios ay napakahalaga upang mapanatili ang balanseng katayuan sa pananalapi at magkaroon ng kayamanan na tutulong sa atin na maglingkod sa layunin ng Dios sa ating buhay at sa buhay ng mga tao sa paligid natin, kahit sa susunod na henerasyon.

Nagpasya akong isulat ang inihayag sa akin ng Dios upang maging magandang paalala ito sa lahat ng aking mga ka-manggagawa at disipulo, sa mga umiibig sa katotohanan, at sa susunod na henerasyon pagkatapos kong pumanaw. Nagpasya akong isulat ang inihayag sa akin ng Dios upang maibahagi ang mahahalagang tagubilin mula sa Salita ng Dios tungkol sa kahalagahan ng pananalapi sa pagpapanatili ng ating misyon sa lupa habang hinihintay natin ang pagdating ni Cristo:

***"12 Kaya't magiging handa akong lagi na ipaalaala ko sa inyo ang mga bagay na ito, bagama't inyong nalalaman, at kayo'y pinatitibay sa katotohanang nasa inyo. 13 At inaakala kong matuwid, na samantalang ako'y nasa tabernakulong ito, ay kilusin ko kayo na ipaalaala ko sa inyo; 14 Yamang aking nalalaman na dumarating na madali ang paghiwalay ko sa aking tabernakulo, na gaya ng ipinahiwatig sa akin ng***

*Panginoon nating Jesucristo, 15 Oo, pagsisikapan ko na sa tuwituwi na, pagkamatay ko'y inyong maalaala ang mga bagay na ito." (2 Pedro 1:12-15 KJV)*

May mga taong marangal na namuhay upang maglingkod sa layunin ng Dios sa kanilang buhay. Sila ay may dalisay na puso at walang kasakiman o kakulangan para sa di tapat na pakinabang: ***"21 Bukod dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa mga sasangpuin:" (Exodu 18:21 KJV) "15 Siyang lumalakad ng matuwid, at nagsasalita ng matuwid; siyang humahamak ng pakinabang sa mga kapighatian, na iniuurong ang kaniyang mga kamay sa paghawak ng mga suhol, na nagtatakip ng kaniyang mga tainga ng pagdinig ng tungkol sa dugo, at ipinipikit ang kaniyang mga mata sa pagtingin sa kasamaan;" (Isaias 33:15 KJV)*** Ang mga may marangal na puso ay itinatag ng Dios, at pagpapalain sila ng Dios ng kayamanan sa pananalapi upang patuloy nilang ituloy at makamit ang mga plano ng Dios.

Sa kabilang dulo ng panig, may mga taong may maling motibo at ginagamit ang ministeryo para sa di tapat na pakinabang, o para sa pansariling pakinabang, ***"at nagsidaluhong na walang pagpipigil sa kamalian ni Balaam dahil sa upa," (Judas 1:11) "29 Bakit nga kayo'y tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos sa aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan? " (1 Samuel 2:29 KJV) "5 Pagtataltalan ng mga taong masasama ang pagiisip at salat sa katotohanan, na nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang." (1 Timoteo 6:5 KJV)***

Kailangan nating ituro at ipaliwanag ang mga bagay na ito sa ating mga disipulo at disiplinahin ang ating mga manggagawa upang makamit nila ang sakdal na puso hinggil sa pananalapi upang ang kanilang paglilingkod at ministeryo ay maging katanggap tanggap sa Panginoon at sila ay gagantimpalaan Niya. Ang takot sa Diyos at paglakad ayon sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga landas ay ang kapangyarihang gumawa ng kayamanan na magbibigay sa atin, sa ating pamilya, sa ating mga simbahan, at sa mga ministeryo ng sapat na pananalapi upang mamuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos at maglingkod sa Kanya.

***<u>Ang Dios ay hindi hadlang sa Pagkakaroon Natin ng Kayamanan</u>: "12 Sapagka't ang karunungan ay sanggalang, sa makatuwid baga'y gaya ng salapi na sanggalang: nguni't ang karilagan ng kaalaman, ay iniingatan ng karunungan ang buhay niya na nagtatangkilik niyaon." (Mangangaral 7:12 KJV) "19 Ang kapistahan ay ginagawa sa ikapagtatawa, at ang alak ay nagpapasaya sa buhay: at ang salapi ay sumasagot sa lahat ng mga bagay." (Mangangaral 10:19 KJV)***

Hindi tutol ang Dios na magkaroon ng kayamanan at kasaganaan gaya ng iniisip ng ilan. Binigyan ng Dios ang Kanyang bayan ng kayamanan na maaari nilang gamitin at gastusin kapag kinakailangan. May ilan na may opinyon na ang bayan ng Dios o mga tao ng Dios ay hindi dapat magkaroon ng maraming kayamanan. Ngunit hindi iyan ang ipinakikita ng Kasulatan, gayundin may mga pagkakataon na maaaring kailanganin nating gamitin ang malaking halaga ng pera upang isulong ang katuparan ng plano ng Dios upang Siya ay maparangalan at luwalhatiin tulad ng makikita natin sa mga sumusunod na halimbawa:

***1. Paano nagawa ni Abraham na matupad ang kalooban ng Dios at mabili ang bukid ng Macphelah para sa libing kung wala siyang pera?***

***"7 At tumindig si Abraham, at yumukod sa bayan ng lupain, sa mga anak nga ni Heth. 8 At nakiusap sa kanila, na sinasabi, Kung kalooban ninyo na aking ilibing ang aking patay na malingid sa aking paningin, ay dinggin ninyo ako, at pamagitanan ninyo ako kay Ephron, na anak ni Zohar, 9 Upang ibigay niya sa akin ang yungib ng Macpela, na kaniyang inaari, na nasa hangganan ng kaniyang parang; sa tapat na halaga ay ibigay niya sa akin, upang maging pag-aaring libingan sa gitna ninyo. 10 Si Ephron nga ay nakaupo sa gitna ng mga anak ni Heth: at sumagot si Ephron na Hetheo kay Abraham, sa harap ng mga anak ni Heth, na naririnig ng lahat na pumapasok sa pintuan ng bayan, na sinasabi, 11 Hindi, panginoon ko, dinggin mo ako: ang parang ay ibinibigay ko sa iyo, at ang yungib na naroroon ay ibinibigay ko sa iyo; sa harap ng mga anak ng aking bayan, ay ibinigay ko sa iyo: ilibing mo ang iyong patay. 12 At si Abraham ay yumukod sa harapan ng bayan ng lupain. 13 At nagsalita kay Ephron sa harap ng bayan ng lupain, na sinasabi, Maanong ako lamang ay iyong pakinggan: ibibigay ko sa iyo ang halaga ng parang; tanggapin mo sa akin, at ililibing ko roon ang aking patay. 14 At sumagot si Ephron kay Abraham, na sinasabi sa kaniya, 15 Panginoon ko, dinggin mo ako: isang putol ng lupa na ang halaga'y apat na raang siklong pilak: gaano sa akin at sa iyo? ilibing mo nga ang iyong patay. 16 At dininig ni Abraham si Ephron; at tinimbang ni Abraham kay Ephron ang salaping sinabi, sa harap ng mga anak ni Heth, apat na raang siklong pilak, na karaniwang salapi ng mga mangangalakal. 17 Kaya't ang parang ni Ephron na nasa Macpela, na nasa tapat ng Mamre, ang parang at ang yungib na nandoon, at ang lahat ng mga punong kahoy na nasa parang na yaon, na ang nasa buong hangganan niyaon sa palibot, ay pinagtibay. 18 Kay Abraham na pag-aari sa harap***

***ng mga anak ni Heth, sa harapan ng lahat ng nagsisipasok sa pintuang daan ng kaniyang bayan" (Genesis 23:7-18 KJV)*** Hindi tamang kunin ni Abraham ang lupa nang libre nang hindi binabayaran ito. Ituturing sana itong pabor mula sa isang di mananampalataya at kung hindi sana tinanggap ni Abraham iyon.

Kapag nagbabayad tayo, nagpapakita tayo ng dangal, at iginagalang natin ang Dios. Sa pagbabayad ng ating kailangan, ang kaluwalhatian ay mapupunta sa Dios na naglaan sa atin ng lahat ng kailangan natin, kabilang na ang pananalapi para sa buhay at Kabanalan.

***2. Paano nakabili si Jacob ng pagkain mula sa Egipto para sa kanyang pamilya sa panahon ng taggutom kung wala siyang pera?***

***"1 At ang kagutom ay mahigpit sa lupain. 2 At nangyari, nang makain na nila ang trigong kanilang dinala mula sa Egipto, na sinabi sa kanila ng kanilang ama, Kayo'y pumaroong muli, ibili ninyo tayo ng kaunting pagkain." (Genesis 43:1-2 KJV)***

***3. Paano sanang makakapaghandog ang mga Israelita sa Dios para sa pagtatayo ng tabernakulo sa panahon ni Moises kung hindi nila itinago ang ibinigay sa kanila ng Dios bago sila umalis sa Egipto?***

***"2 Magsalita ka ngayon sa pakinig ng bayan, at humingi ang bawa't lalake sa kaniyang kapuwa, at bawa't babae sa kaniyang kapuwa, ng mga hiyas na pilak, at ng mga hiyas na ginto. 3 At pinagbiyayaan ng Panginoon ang bayan, sa paningin ng mga Egipcio. Saka si Moises ay lalaking naging dakila sa lupain ng Egipto, sa paningin ng mga lingkod ni Faraon, at sa paningin ng bayan." (Exodu 11:2-3 KJV)***

***"35 At ginawa ng mga anak ni Israel ayon sa salita ni Moises; at sila'y humingi sa mga Egipcio ng mga hiyas na pilak, at mga hiyas na ginto, at mga damit; 36 At pinagbiyayaan ng Panginoon ang bayan sa paningin ng mga Egipcio, ano pa't ibinigay sa kanila anomang hingin nila. At kanilang hinubaran ang mga Egipcio.." (Exodu 12:35-36 KJV)***

***"4 At sinalita ni Moises, sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sinasabi, Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, na sinasabi, 5 Magsikuha kayo sa inyo ng isang handog na taan sa Panginoon; sinomang may kusang loob, ay magdala ng handog sa Panginoon; ginto, at pilak, at tanso; 6 At kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at lino, at balahibo ng kambing; 7 At mga balat ng tupang lalake na tininang pula, at mga balat ng poka, at kahoy na akasia; 8 At langis na pangilawan, at mga espesia sa langis na pangpahid, at sa mabangong kamangyan: 9 At mga batong onix, at mga batong pangkalupkop, na pang-epod, at pangpektoral." (Exodu 35:4-9 KJV)***

***4. Paano sana nabili i Boaz ng kapirasong lupain ni Noemi at naangkin si Ruth bilang asawa kung wala siyang pera?***

***"9 At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan, Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa kamay ni Noemi. 10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito." (Ruth 4:9-10 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit tayo ngayon sa Dios, na napagtanto ang halaga ng pananalapi na inilagay ng Dios sa ating mga kamay upang harapin nang matalino at pamahalaan ang mga ito sa mabuting pangangasiwa upang pangasiwaan ang mga ito at sa tamang panahon sa layuning itinakda ng Dios para sa mga pananalaping iyon na gagamitin.

Lumapit ngayon sa Dios at magsisi sa iyong mga kasalanan at maging handang linisin ang iyong puso at isipan mula sa maling motibo at layunin sa buhay at ministeryo. Lumapit ngayon sa Dios at maging isang marangal na daluyan na gagamitin para sa Dios at para sa Kanyang kaluwalhatian at ang iyong buhay ay magiging isang magandang halimbawa sa iba na dapat tularan, at sa pamumuhay sa paraang iyon ay nag iimbak ka para sa iyong sarili ng mga kayamanan sa Langit.

Manalangin tayo ...

***Ang aking panalangin:*** *Ama Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita at sa turo na ibinigay mo sa akin upang turuan ako ng kahalagahan ng pananalapi at kailangan kong maging*

*mabuting katiwala sa lahat ng natanggap ko mula sa iyo. Panginoon salamat po sa lahat ng materyal na pagpapala na ibinibigay mo sa akin mula sa trabaho, mga kakayahan, kita at pananalapi at sa espirituwal na pagpapala at sa kaligtasan ni Jesus na natanggap ko mula sa mo.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Iwaksi ang iyong masamang pangangasiwa at pag aaksaya ng iyong mga mapagkukunan sa maling direksyon at ang iyong maling pamamahala sa iyong pananalapi. Magsisi at talikuran ang iyong maling motibo sa paglilingkod at ministeryo sa Dios. Magsisi sa iyong kamunduhan at sa iyong pagmamahal sa mga materyal na bagay, Magsisi sa iyong hindi pagpayag na magdusa para kay Cristo at sundin ang Kanyang kalooban at ang plano na Kanyang ginawa para sa iyo. Magsisi sa iyong walang kahandaang ipangako ang iyong sarili na gawin ang mga mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Panginoon nagsisisi ako at tinatalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan ____________________.*

*Pangioon Ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa mga alintuntinin na Aking natutunan sa mensaheng ito tungkol sa pananalapi, upang maging mabuting katiwala sa Aking natanggap mula sa iyo at mamuhay ayon sa iyong layunin at sai yong kalooban sa aking buhay.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nagtalaga ng kanilang buhay upang maglingkod sa iyo nang may marangal na puso at mabuting motibo, at upang idirekta ang kanilang pananalapi at mga mapagkukunan sa layunin ng iyong buhay. Panginoon patuloy mo silang gabayan sa buo mong kalooban sa kanilang buhay. Panginoon protektahan mo sila at ibigay mo lahat ng pangangailangan nila para patuloy ka nilang paglingkuran.*

*Panginoon tulungan mo kami bilang isang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu upang patuloy na ipahayag ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon akayin mo kami sa mga taong mapagpakumbaba at handang makinig sa iyong Salita at kalooban. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa ating buhay upang magpatuloy at magevangelio, at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga manggagawa na yumaon at magtanim ng higit pang mga pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa mas maraming tao na mabautismuhansa tubig at tumanggap ng Bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng Buong kalooban ng Dios.' Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagdating na sa pagdating mo ay handa kaming sumama sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com